212-3

Republic of the Philippines
# Department of Education

24 JUL 2015

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 79 , s. 2015

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

Sa mga : Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wika ng Pambansang Kaunlaran.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maipakita ang kahalagahan ng wika na higit pa sa pambansang kaunlaran.

3. Ang pangkalahatang tema ay hinati sa mga sumusunod na diwa:

a. Filipino: Wika ng Kaunlarang Pangkultura;
b. Filipino: Wika ng Kaunlarang Pang-ekonomiya;
c. Filipino: Wika ng Kaunlarang Panlipunan; at
d. Filipino: Wika ng Kaunlarang Panteknolohiya.

4. Ang nabanggit na lingguhang tema ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito inayos sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa iba pang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 736-2519
Email: komisyonsawikangfilipino@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg.: 63, s. 2014

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
Learning Area, FILIPINO
SCHOOLS

Alma/ DM Buwan ng Wikang Pambansa 2015
0398-June 26, 2015